

LABANAN NATIN ANG MGA SUROT

Mga nakakatulong na payo sa pag-iwas at pag-kontrol ng paglaganap ng surot



Anumang uri ng bahay, marangya man o simple, malinis o madumi, ay maaaring tirhan ng mga surot. Hindi kailangang mahiya kung lumipat sa inyo ang mga surot na ito. Ang mahalaga ay kumilos agad upang maalis sila.

ANO ANG SUROT?

- Ang mga adult na surot ay mga insekto na kasing laki at kakulay ng buto ng mansanas.
- Kinakagat nila ang mga tao sa gabi para kainin ang kanilang dugo.
- Ang mga kagat ng surot ay kamukha ng kagat ng lamok.
- Umiiwas sila sa liwanag at karaniwang nagtatago sa mga kuwarta, malapit sa kama at sa mga pinagtahian ng kutson.
- Hindi lumilipad o tumatalon sa mga tao ang mga surot. Gumagalaw sila sa pamamagitan ng paglalakad.



ANO ANG MGA PELIGRO SA KALUSUGAN NA KAUGNAY NG MGA SUROT?

- Hindi nanghahawa ng sakit ang mga surot.
- Nagdudulot ng pangangati ang mga kagat nila.
- Maaaring magresulta sa mga impeksiyon sa balat mula sa pagkakamot ng mga kagat.
- Maaaring magdulot ang mga surot ng ilang mga problema, katulad ng abala sa pagtulog, pagkabalisa, at pag-iwas sa tao.

PAANO SILA MATUTUKOY?

Kung hindi ka nakakakita ng mga surot, hanapin ang mga sumusunod na palatandaan:

- Mga kagat ng insekto na katulad ng mga kagat ng lamok
- Makating balat
- Mga itim na tuldok sa mga pinagtahian ng kutson
- Maliliit na mantsa ng dugo sa mga kobrekama at mga pinagtahian ng kutson



PAANO SILA KUMAKALAT?

- Sa pagbiyahe sa pagitan ng mga apartment sa isang gusali
- Sa pagsakay sa iba't ibang bagay:
 - Mga maleta, handbag, damit, atbp.
 - Muwebles, lalo na sa mga kutson at upholstered na muwebles, katulad ng mga armchair at sofa

PAANO MAIIWASAN ANG PAGLAGANAP NG SUROT?

Huwag kailanman mag-uwi ng mga kutson o muwebles na nahanap sa labas katulad ng mga sofa, armchair, sofa bed o mga futon, kahit na tilang maayos ang kondisyon nila, dahil maaaring may naninirahan sa kanilang mga surot.

Kung mag-uwi ka ng mga gamit nang mga damit:

- Ilagay sila sa isang plastic bag at isara nang mahigpit ang bag bago ito iuwi.
- Direktang ilagay ang mga laman ng bag sa dryer at patakbuhan ang dryer sa pinakamataas na setting nang hindi bababa sa 30 minuto upang patayin ang mga surot at mga itlog nito.
- Itapon ang wala nang lamang bag sa basurahan sa labas.

Kung bumili ka ng gamit nang muwebles:

- Maingat na inspeksiyunin at linisin ito bago ito dalhin sa inyong gusali.
- Iwasan ang mga gamit-nang kutson o upholstered na muwebles.

PAANO ITATAPON ANG KUTSON O MUWEBLES NA MAY SUROT

Kung ayaw nang ipagamit sa iyo ng exterminator ang mga ito, hiwain ang tela o sirain ito. Ilagay ang mga kutson sa malalaking plastic bag bago ilabas ito sa tirahan niyo (ang mga libreng bag ay makukuha sa mga tanggapan ng Accès Montreal).

PAG-EXTERMINATE

Ang mga umuupa ay responsable sa pag-aabiso sa kanilang kasera nang walang antala kapag nakahanap sila ng mga surot sa bahay nila.

PAGHAHANDA NG BAHAY PARA SA EXTERMINATOR

Upang matiyak ang tagumpay ng pag-exterminate, dapat makipagtulungan ang mga umuupa sa kasera nila at sundin ang mga gabay ng exterminator, katulad ng:

- Alisan ng laman ang mga closet at mga drawer. Ilagay lahat ng damit, gamit pang-kama (mga kobrekama, takip bg kutson, kumot at mga bedspread) at mga kurtina sa dryer at patakbuhan sa pinakamataas na setting nang hindi bababa sa 30 minuto para mapatay ang anumang surot at mga itlog nito.
- Limbak lahat ng damit, gamit sa kama at mga kurtina sa mga plastic bag na mahigpit ang pagkakasara hanggang makumpleto ang pag-exterminate.
- Alisin ang kalat para mapadali ang trabaho ng exterminator.
- Mag-vacuum sa lahat ng lugar sa bahay, kabilang ang ilalim ng muwebles, sa loob ng mga closet, sa mga base-board, atbp. Alisan ng laman ang vacuum sa plastic bag, isara nang mahigpit ang bag at itapon ito sa basurahan sa labas.
- Tanungin sa exterminator bago itapon ang mga kutson at upholstered na muwebles. Kung maayos ang kondisyon nito, maaari itong gamutin.
- Huwag mag-uwi ng bagong muwebles kapag hindi pa ganap na tapos ang pag-exterminate.

Para matiyak ang matagumpay na extermination ng mga surot, ang pagtutulungan sa pagitan ng umuupa, ng kasera at ng exterminator ay ang susi.

TUNGKULIN NG UMUUPA

Ang umuupa ay dapat:

- Tawagan ang kasera o ang tagapamahala ng gusali nang walang antala matapos makatukas ng mga surot.
- Makipag-ugnayan sa kinatawan mula sa Dibisyon des permis et des ng inspeksiyon para sa borough sa pagtawag sa 311, kapag hindi kumilos ang kasera.
- Papasukin ang exterminator sa lahat ng mga kuwarto sa bahay.
- Panatiliing malinis at walang kalat ang bahay.
- Sundin ang mga rekomendasyon ng exterminator.

Pag-iingat: Huwag mag-isang subukang lutasin ang problema. Huwag gumamit ng mga insecticide o ibang mga produktong binebenta nang-over the counter: maaari itong makasama sa kalusugan mo at gawing mas mahirap alisin ang mga surot.

RESPONSIBILIDAD NG KASERA

Kapag inabisuhan tungkol sa mga surot, ang kasera dapat ay:

- Kumilos upang itama ang problema.
- Umupa ng exterminator upang ganap na maalis lahat ng mga surot sa gusali.
- Payagan ang exterminator na mapasok lahat ng mga common area, lahat ng mga apartment na malapit sa kung saan nahanap ang mga surot at, kung sa palagay ng exterminator ay kailangan, alinmang ibang apartment upang alisin ang problema sa kabuuan ng gusali.

RESPONSIBILIDAD NG EXTERMINATOR

Ang exterminator ay dapat:

- Gumawa ng lahat nang makakaya upang matukoy ang mga surot sa bawat kuwarto ng apartment at sa lahat ng kalapit na mga apartment at, kung sa palagay niya ay kailangan, sa anumang ibang apartment.
- Siguruhing masira lahat ng mga surot sa lahat ng yugto ng paglaki. Kailangan ditong bumalik ang exterminator nang kahit isang beses matapos ang unang paggamot upang masuri kung lahat ng mga surot ay naalis.
- Umiwas sa paggamit ng mga insecticide kung hindi kailangan. Ang mga kutson at mga upholstered na muwebles ay karaniwang magagamot gamit ang mainit na usok.
- May hawak na pahintulot mula sa Ministère du Développement durable, de l'Environnement et de la Lutte contre les changements climatiques at gumamit ng mga sertipikadong technician.

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON:

lespunaisesdelit.info
avoidbedbugs.info

o tumawag sa 311

Ginawa ng Ville de Montréal (ville.montreal.qc.ca), ng Direction de santé publique at the Agence de la santé et des services sociaux de Montréal (santemontreal.qc.ca) at ng Office municipal d'habitation de Montréal (omhm.qc.ca).